The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 9, July 2026, pp. 327-336
https://doi.org/10.67167/vertex.519

# Pagtatasa sa Antas ng *Intelligibility* sa Wikang Balbal ng Apat na Henerasyon

**[1]Gil A. Irinco, [2]Jessel E. Codog, [3]Ronald C. Hierro, [4]Myckimella Roxinne B. Vasquez, [5]Noel P. Tancinco, [6]Jeson V. Viñas**
Biliran Province State University
[1]gil.irinco61@gmail.com, [2]jesselestaycodog2004@gmail.com, [3]ronaldhierro747@gmail.com, [4]myckimellaroxinne@gmail.com, [5]noel.tancinco@bipsu.edu.ph, [6]jeson.vinas@bipsu.edu.ph

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 26 May 2026
Binago: 25 June 2026
Tinanggap: 12 July 2026
Nailathala: 31 July 2026
Kaugnay na Email:
jeson.vinas@bipsu.edu.ph

**Inirerekomendang Sipi:**

Irinco, G. A., Codog, J. E., Hierro, R. C., Vasquez, M. R. B., Tancinco, N. P., Viñas, J. V. (2026). Pagtatasa sa Antas ng *Intelligibility* sa Wikang Balbal ng Apat na Henerasyon. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (9), 327-336. https://doi.org/10.67167/vertex.519

**Mga Terminong Indeks:**

balbal, antas ng intelligibility, wika, interhenersayon, sosyolingguwistika

**Abstrak.** Ang balbal ay itinuturing na mababang antas ng wika at mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Bagama't malawan na itong tinalakay ng mga iskolar, nananatiling limitado ang karamiha sa mga naunang pag-aaral sa dalawang henersayon. Dahil dito, hindi lubusang naipapaliwanag ang dinamikong paggamit ng balbal sa apat na henersayon sa Pilipinas. Layunin ng pag-aaral na tasahin ang pagkakaiba sa antas ng intelligibility ng balbal sa Henerasyon X, Millennials, Gen Z, at Gen Alpha. Gumamit ito ng deskriptibong sarbey at 2-stage cluster sampling na may 384 kalahok mula sa 26 komunidad sa Naval, Biliran. Naging saligan din ang teaoryang Sosyolingguwistik at Akomodasyon at sinuri ang datos gamit ang Excel at SPSS. Natuklasang mataas ang intelligibility ng Gen Z (M=91.3) at Millennials (M=87.9), mababa sa Gen Alpha (M=40.8), at pinakamababa sa Gen X (M=22.3). Ipinakita ng Kruskal-Wallis test na may makabuluhang pagkakaiba sa intelligibility sa pagitan ng mga henerasyon ($p < .001$). Sa post hoc Mann-Whitney U test, walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Millennials at Gen Z ($p=.101$), ngunit makabuluhan ang lahat ng iba pang pares ($p<.001$). Ipinapakita ng mga resulta ang malinaw na agwat sa intergenerational na komunikasyon at pangangailangan para sa angkop na estratehiyang pang-edukasyon upang mapaunlad ang pag-unawa sa nagbabagong balbal. Inirerekomenda ang pag-aaral sa impluwensya ng kulturang popular at social media sa akwisisyon at enkulturasyon ng balbal partikular na ng mas bata at mas nakatatandang henerasyon, ang henerasyon Alpha at X. Mainam ding gumamit ng ibang lapit at pamamaraan upang mapunan ang metodolohikal na limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral.

## Panimula

Ang wikang balbal ay isang impormal na antas ng wika ngunit isang makabuluhang anyo ng wika na nakaugat sa mga kontekstong panlipunan, kultural, at teknolohikal. Bilang dinamikong sistema, patuloy itong nagbabago kasabay ng transpormasyon ng lipunan, ng mga taong gumagamit nito, at ng mga midyum ng komunikasyon (Henson et al., 2025). Sa kabila ng pagdami ng mga pag-aaral hinggil sa paggamit ng balbal at impluwensiya ng *social media* at teknolohiya, nananatiling limitado ang pananaliksik na gumagamit ng *intergenerational* na perspektibo na sumasaklaw sa Henerasyon Alpha, Z, mga Millennial, at X. Kadalasan, nakatuon lamang ang mga pag-aaral sa paghahambing ng dalawang henerasyon (Vacalares et al., 2023), at hindi sapat na natutugunan ang mas malawak na usapin ng *intelligibility* ng balbal sa loob ng isang *multigenerational* na lipunan. Dahil dito, nananatiling kulang ang empirikal na pag-unawa kung paano nagiging hadlang o tulay ang balbal sa *intergenerational* na komunikasyon, lalo na sa kontekstong Pilipino, partikular sa mga pamayanan sa probinsiyang matatagpuan sa mga malalayong pulo ng bansa (Pilar, 2024; Ciruela et al., 2024).

Ang balbal ay itinuturing na salitang kalye na nagsisilbing impormal na paraan ng pakikipagkomunikasyon at pagpapahayag ng identidad at kultura (Reyes, 2024; Gustilo et al., 2025) ng isang partikular na grupo. Ito ay bahagi na ng lumalawak na bokabularyong Filipino at tumutugon sa mga pangangailangan ng lipunan. Ipinakikita rin ng mga pag-aaral na ang dinamismo ng balbal ay nakaugat sa patuloy na paglikha ng neolohismo sa digital na espasyo (Rentillo et al., 2024; Afable

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

et al., 2021). Ang dinamismo ng balbal ay lalo pang naipapakita sa iba't ibang henerasyon, kung saan ang bawat isa ay lumilikha ng natatanging anyo ng wika batay sa kanilang karanasan at kapaligiran. Ang Henerasyon Alpha, bilang mga *digital natives*, ay malikhain sa pagbuo ng balbal sa pamamagitan ng pagpapaikli, pagbabago ng baybay, at panghihiram, at malalim ang ugnayan nito sa mga digital na plataporma bilang pag-aaliw, tulad ng Facebook, TikTok, Instagram, at YouTube (Henson et al., 2025). Ang Henerasyon Z naman ay gumagamit ng balbal bilang ekspresyon ng identidad at aktibong lumilikha ng mga neolohismo at mga pagbabago sa morpolohiya (Vacalares et al., 2023). Samantala, ang Millennial at Henerasyon Alpha ay nagpapakita ng *hybrid* na paggamit ng wika sa pamamagitan ng mga *acronym*, *abbreviations*, at mga *emoji* sa kanilang *social media* (Tirendi & Gargiulo), na ginagamit sa pagbuo ng online na persona. Lumilitaw na ang umuusbong na leksikal na padron ng *Netspeak* ay ang pagpapaikli (*abbreviations*) at paggamit ng magkaparehong tunog (*homophones*), at ang mga plataporma ng *social media* at ang dominyo ng kulturang popular ay nakaaapekto sa paggamit ng mga katangian ng *Netspeak* (Monderin & Go, 2021). Sa kabilang banda, ang Henerasyon X ay nananatiling mas konserbatibo at may limitadong partisipasyon sa paglikha ng bagong balbal, dulot ng mababang antas ng pagkalublob sa *social media* (Rajik, 2024).

Malaki ang papel ng teknolohiya at *social media* sa pag-unlad ng balbal. Ang mga platapormang tulad ng TikTok, Instagram, Facebook at Snapchat ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng mabilisang paglikha at pagpapalaganap ng mga bagong salita. Dahil sa mataas na antas ng *digital engagement*, ang Henerasyon Alpha at Z ay nagtataglay ng mas mataas na *intelligibility* sa balbal, samantalang ang mga Millennial ay may katamtamang antas at nangangailangan pa ring umangkop sa mga bagong termino (Vacalares et al., 2023). Sa kabilang banda, ang Henerasyon X ay may pinakamababang *intelligibility* dahil sa limitadong pakikisalamuha sa teknolohiya. Bunga nito, lumilitaw ang *intergenerational miscommunication* na dulot ng agwat sa pag-unawa sa balbal. Sa kontekstong Pilipino, ipinakita nina Doloricon at Langga (2022) na ang intelligibility ng Philippine English ay naiimpluwensyahan ng edad at antas ng *exposure* bilang isang padron na inaasahang makikita rin sa wikang balbal.

Sa kontekstong Pilipino, kung saan ang populasyon ay binubuo ng magkakaibang henerasyon, nagiging mahalaga ang pag-unawa sa *intergenerational* na komunikasyon. Inilalarawan ito bilang interaksyon sa pagitan ng mga pangkat na may magkakaibang edad at magkakaibang mga praktis sa wika. Ipinakita nina Bongco at Ama (2023) na sa *online learning*, ang komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral ay naiimpluwensyahan ng edad, pangkat, at panahon, kung saan inaangkop ang wika batay sa inaakalang katanggap-tanggap. Gayunpaman, maaaring magdulot ito ng maling interpretasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Manig et al. (2024) na ang pagkakaiba sa paggamit ng balbal ay hindi lamang nakabatay sa edad kundi sa antas ng pagkakalublob sa teknolohiya at kulturang popular. Ayon naman kay Reyes (2024), ang paraan ng pagbuo ng mga salita ng kasalukuyang henerasyon ay hindi lamang nagpapakita ng kanilang pagkamalikhain kundi sumasalamin din kung paano naiimpluwensyahan ng kultura ang mga salita at kung paano nito pinayayaman ang kanilang kahulugan at paggamit. Sa paglipas ng panahon, ang kahulugan ng mga salitang ito ay maaaring mag-iba, magbago, o mailagay sa ibang konteksto habang nagbabago ang henerasyon (Osborne, 2021). Anuman ang pagbabago, makatutulong ito sa pagpapatibay ng ideya na ang wika ay dinamiko at nagdadala ng mas maraming kahulugan at konteksto.

Sa kabila ng mga ito, nananatiling may kakulangan sa pananaliksik hinggil sa empirikal na sukat ng *intelligibility* ng balbal sa apat na henerasyon, papel ng tiyak na mga digital na plataporma sa paghubog ng balbal, at kontekstong kultural at lokal, partikular sa mga pamayanang pampulo kung saan nagsasanib ang katutubo, lokal, at global na impluwensya sa wika. Wala ring sapat na pag-aaral hinggil sa mga estratehiyang maaaring magamit upang mapagtagpi ang lingguwistikong agwat sa pagitan ng umiiral na iba't ibang henerasyon.

Upang masuri ang mga penomenong ito, nakabatay ang pag-aaral sa Teoryang Sosyolingguwistika ni Hymes (2013) at sa Teorya ng Akomodasyong Komunikatibo ni Giles (1973). Sa pananaw ni Hymes, ang wika ay isang kasangkapang panlipunan na sumasalamin sa identidad at kontekstong kultural ng mga tagapagsalita, na isang pananaw na sinusuportahan ng mga pag-aaral sa barayti ng wika sa Pilipinas (Gonzales, 2022). Samantala, ipinaliwanag ni Giles (1973) na inaangkop ng mga indibidwal ang kanilang wika sa pamamagitan ng *convergence* at *divergence* upang mapadali ang komunikasyon o mapanatili ang pagkakaiba ng identidad. Sa pagsasanib ng dalawang teorya, mauunawaan na ang intelligibility ng balbal ay bunga ng interaksyon ng mga sosyo-kultural na salik, mga impluwensya ng teknolohiya, at mga estratehiyang komunikatibo.

*Mga Layunin ng Panaliksik*

Layunin ng pag-aaral na tasahin ang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* sa wikang balbal ng Henerasyon X, Millennial, Z, at Alpha. Tiniyak ding matamo ang sumusunod:

1. Tukuyin ang antas ng *intelligibility* sa balbal ng;

   2.1 Henerasyon Alpha
   2.2 Henerasyon Z

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

2.3 Henerasyon Millennials
2.4 Henerasyon X
2. Tayahin ang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal ng apat na henerasyon.
3. Tayahin ang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa pagitan ng bawat henerasyon.

*Mga Palagay ng Pag-aaral*

Ho1: Walang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa apat na henerasyon.
Ho2: Walang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa pagitan ng mga henerasyon.

## Metodolohiya

*Disenyo*

Ginamit sa pag-aaral ang disenyong *descriptive-comparative* na may *cross-sectional* na pamamaraan sa pangongolekta ng datos. Ayon kina Agpalo et al. (2022), ang kantitatibong disenyo ng saliksik ay naglalarawan ng mga penomenon sa pamamagitan ng numerikal na datos na sinusuri gamit ang estadistika. Ang deskriptibong bahagi ay tumutukoy sa pagsukat sa *mean* at *standard deviation* upang ilarawan ang antas ng *intelligibility* ng bawat henerasyon. Samantala, ang komparatibong bahagi ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa intelligibility sa pagitan ng apat na henerasyon. Sa pamamagitan ng disenyong ito, matutukoy kung may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa pagitan ng apat na henerasyon nang hindi nagsasangkot ng anumang ugnayan sa ibang baryabol.

*Lugar at Tagatugon ng Pag-aaral*

| Barangay/ Komunidad | Alpha (2010-2024) | Z (1997-2012) | Millennial (1981-1986) | X (1965-1980) | Kabuoan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Agpangi | 4 | 4 | 4 | 4 | 16 | 4.17% |
| Anislagan | 1 | 1 | 2 | 2 | 6 | 1.56% |
| Atipolo | 7 | 6 | 6 | 7 | 26 | 6.78% |
| Borac | 2 | 1 | 1 | 2 | 6 | 1.56% |
| Cabungahan | 2 | 2 | 1 | 1 | 6 | 1.56% |
| Calumpang | 13 | 12 | 12 | 13 | 49 | 12.76% |
| Capinahan | 4 | 4 | 4 | 4 | 16 | 4.16% |
| CarayCaray | 7 | 8 | 7 | 8 | 30 | 7.81% |
| Catmon | 3 | 2 | 3 | 3 | 11 | 2.86% |
| Haguikhikan | 3 | 4 | 3 | 4 | 14 | 3.65% |
| Imelda | 2 | 2 | 2 | 2 | 8 | 2.08% |
| Larrazabal | 8 | 7 | 8 | 7 | 30 | 7.81% |
| Libertad | 2 | 1 | 1 | 2 | 6 | 1.56% |
| Libtong | 2 | 3 | 2 | 2 | 9 | 2.34% |
| Lico | 2 | 2 | 2 | 1 | 7 | 1.82% |
| Lucsoon | 4 | 3 | 3 | 3 | 13 | 3.39% |
| Mabini | 1 | 2 | 2 | 2 | 7 | 1.82% |
| P.I Garcia | 6 | 7 | 6 | 6 | 27 | 7.81% |
| PS Eamiguel | 2 | 3 | 2 | 3 | 10 | 2.86% |
| Sabang | 1 | 2 | 2 | 1 | 7 | 1.56% |
| Santo Nino | 4 | 5 | 5 | 4 | 18 | 4.69% |
| San Pablo | 3 | 3 | 3 | 4 | 12 | 3.13% |
| SMO. Rosario | 3 | 3 | 4 | 4 | 14 | 3.65% |
| Talustusan | 3 | 4 | 4 | 4 | 14 | 3.65% |
| Villa Caneja | 2 | 2 | 2 | 2 | 8 | 2.08% |
| Villa Consuelo | 3 | 3 | 4 | 4 | 14 | 3.65% |
| **Kabuoan** | **96** | **96** | **96** | **96** | **384** | **100%** |

*Talahanayan Blg. 1. Distribusyon ng mga tagatugon ng pag-aaral*

Ipinapakita ng Talahanayan 1 na ang mga kalahok ay nagmula sa 26 barangay ng Naval gamit ang *stratified distribution*. Ang pinakamataas na representasyon ay mula sa Brgy. Calumpang (n = 49; 12.76%), samantalang ang pinakamababa ay mula sa mga barangay ng Borac, Cabungahan, Libertad, Sabang, at Anislagan (n = 6 bawat isa; 1.56%). Tiniyak ang balanseng

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

representasyon sa pamamagitan ng pagtalaga ng pantay na bilang ng mga kalahok sa bawat henerasyon (n = 96 bawat grupo), na nagreresulta sa pantay na distribusyon.

Ang kabuuang bilang ng mga tagatugon sa pag-aaral ay 384. Ginamit ang Cochran sample size calculator na may formulang $n_0 = Z^2p(1 - p) / e^2$, kung saan ang N = 52,231 na kumakatawan sa kabuuang populasyon ng komunidad, ang ang e= 0.5 na *margin of error*, at ang proporsiyon na 0.05 (5%) sa 95% na antas ng kumpiyansa. Batay sa komputasyong ito, ang kinakailangang laki ng sampol ay tinukoy sa 382 kalahok, subalit upang maging pantay para sa apat na henerasyon, minabuting itaas ito sa 384.

Yamang apat na magkakaibang henerasyon ang target ng pananaliksik, hinati ang kabuuang sampol sa apat na *strata* gamit ang *stratified proportional* na alokasyon, na nagresulta sa 96 na kalahok bawat henerasyon—isang bilang na nagsisiguro ng sapat na lakas na pang-estadistika (*statistical power*) para sa paghahambing sa pagitan ng mga pangkat, gayundin ang balanseng representasyon ng bawat isa.

Isinagawa ang pagpili ng mga tagatugon sa pamamagitan ng *two-stage cluster* sampling. Sa unang yugto, random na pinili ang mga barangay na magsisilbing pangunahing klaster. Sa ikalawang yugto, random namang pumili ng mga indibidwal mula sa mga nabanggit na barangay na kabilang sa kani-kanilang henerasyon. Upang mapanatili ang balanseng representasyon, inilapat ang proporsyonal na alokasyon batay sa henerasyon, sa gayon, tinitiyak na ang bawat katangian ay may katumbas na bahagi sa kabuuang sampol.

Isinagawa ang pag-aaral sa bayan ng Naval, Biliran, na may tinatayang populasyong 52,231, kabilang ang mga henerasyon Alpha, Z, Millennial, at X (PSA Biliran, 2025). Pinili ang lokasyong ito batay sa klasipikasyon nito bilang *first-class municipality,* na nagpapahiwatig ng relatibong mataas na antas ng sosyo-ekonomikong pag-unlad at akses sa edukasyon at teknolohiya bilang mga salik na may implikasyon sa intelligibility ng wika. Dagdag pa rito, ang exposure sa makabagong midya at teknolohiya ay itinuturing na kritikal na baryabol sa paglawak ng leksikon at sa pagbabago ng pag-unawa sa balbal sa iba't ibang henerasyon.

Makikita sa Talahanayan 2 na sa mga tagatugon, mas marami ang bilang ng mga babae (46%) kaysa sa mga lalaki (39%), habang ang LGBTQ+ ay may pinakamababang bahagdan (15%).

| **Kasarian** | **Alpha** (2010-2024) | **Z** (1997-2012) | **Millennial** (1981-1986) | **X** (1965-1980) | **Kabuoan** | **Bahagdan** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Lalaki | 35 | 32 | 43 | 41 | 151 | 39% |
| Babae | 42 | 36 | 50 | 45 | 173 | 46% |
| LGBTQ+ | 5 | 35 | 11 | 9 | 60 | 15% |
| **Kabuoan** | **82** | **103** | **104** | **95** | **384** | **100%** |

*Talahanayan Blg. 2. Distribusyon Tagatugon batay sa Kasarian*

Makikita naman sa Talahanayn 3 ang haba ng oras na iginugugol ng mga tagatugon sa paggamit ng social media. Pinakamataas sa henerasyon X ang paggamit ng social media sa loob ng mababa pa sa isang oras. Wala rin sa kanila ang gumagamit ng social media nang lagpas sa 5 o mahigit pang oras.

| **Oras** | **Alpha** (2010-2024) | **Z** (1997-2012) | **Millennials** (1981-1986) | **X** (1965-1980) | **Kabuoan** | **Bahagdan** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Mas mababa sa isang oras | 5 | 3 | 6 | 63 | 77 | 20% |
| 1.5-2 0ras | 31 | 22 | 15 | 27 | 95 | 24% |
| 2.5-3 oras | 20 | 11 | 11 | 4 | 46 | 12% |
| 3.5-4 oras | 9 | 15 | 25 | 2 | 51 | 13% |
| 4.5-5 oras | 4 | 9 | 17 | 0 | 30 | 9% |
| Higit 5 oras | 27 | 36 | 22 | 0 | 85 | 22% |
| **Kabuoan** | **96** | **96** | **96** | **96** | **384** | **100%** |

*Talahanayan Blg. 3. Haba ng oras sa social media*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Marami rin sa Henerasyong Alpha at Z ang gumagamit ng social media nang mahigit sa 5 oras bawat araw. May mangilan-ilan din naming gumagamit nito osa loob ng 2 oras. Mapapansin sa datos ang mas babad na paggamit ng social media ng mas nakababatang henerasyon kumpara sa mas nakatatandang henerasyon.

Mahalaga rin na makita ang edukasyong natamo ng mga tagatugon sapagkat nagkakaiba-iba rin ang danas at alam ng mga salita batay sa naging edukasyon. Makikita sa Talahanayan 4 na 36% ay nakatapos sa sekundarya at 2% lamang sa Masterado at Doktoral, habang 30% ang nagtapos ng kolehiyo at elementarya.

| **Pinakamataas na edukasyong natamo** | **Alpha** (2010-2024) | **Z** (1997-2012) | **Millennials** (1981-1986) | **X** (1965-1980) | **Kabuoan** | **Bahagdan** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Elementarya | 50 | 5 | 8 | 53 | 116 | 30% |
| Sekundarya | 46 | 33 | 31 | 26 | 136 | 36% |
| Kolehiyo | 0 | 57 | 52 | 10 | 119 | 30% |
| Masterado w/ units | 0 | 1 | 4 | 2 | 7 | 2% |
| Doktoral w/ units | 0 | 0 | 1 | 5 | 6 | 2% |
| **Kabuoan** | **96** | **96** | **96** | **96** | **384** | **100%** |

*Talahanayan Blg. 4. Pinakamataas na edukasyong natamo*

*Instrumento sa Pagkalap ng Datos*

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang talatanungan na binuo ng mga mananaliksik. Binubuo ito ng dalawang bahagi: (1) demograpikong propayl (kasarian, oras ng paggamit ng *social media*, at pinakamataas na antas ng edukasyong natamo), at (2) tseklist ng 117 salitang balbal na hinalaw mula sa mga naunang pag-aaral. Partikular, 30 balbal ay mula kina Moderin at Go (2020), 29 mula kina Noguerra et al. (2022), 15 mula kina Molbog at Medrano (2023), 12 mula kay Noval (2021), at 31 ay tinukoy mismo ng mga mananaliksik batay sa obserbasyon at pagrerebyu ng mga kaugnay na literatura.

Upang matiyak ang bisa ng nilalaman ng instrumento, sumailalim ito sa mahigpit na pagpapatunay ng tatlong dalubhasa sa wikang Filipino na may 20 taong karanasan sa pagtuturo, gayundin ng dalawang mananaliksik na may digri sa doktoral. Gamit ang isang *validation instrument* na may apat na puntos na *Likert scale* (1 = hindi angkop; 2 = kaunti ang angkop; 3 = angkop; 4 = lubos na angkop), hiniling sa mga eksperto na suriin ang bawat aytem batay sa sumusunod na pamantayan: (a) kalinawan ng pagkakabuo ng pangungusap, (b) kaangkupan ng salita sa konteksto ng balbal, at (c) kabuluhan ng aytem sa layunin ng pag-aaral. Sinukat ang *Item-Content Validity Index* (I-CVI) at *Scale-Content Validity Index* (S-CVI) batay sa proporsyon ng mga ekspertong nagbigay ng iskor na 3 o 4. Ang nakuhang I-CVI at S-CVI ay kapwa 1.00, na nangangahulugang ang lahat ng aytem ay napagtugma ng lubos na pagsang-ayon ng mga eksperto. Ang S-CVI na 0.80 pataas ay itinuturing na katanggap-tanggap; samakatuwid, ang nakuhang 1.00 ay nagpapatunay ng mataas na antas ng bisa ng nilalaman ng instrumento.

Pagkatapos ng *content validation*, sumailalim ang binagong instrumento sa *pilot testing* sa 30 tagatugon na hindi kabilang sa aktuwal na sampol ng pag-aaral (Ranganathan & Caduff, 2023). Ang layunin nito ay suriin ang *internal consistency* ng instrumento batay sa lawak kung saan ang mga aytem sa talatanungan ay magkakaugnay at sumusukat ng iisang konstruk. Ginamit ang Cronbach's alpha coefficient bilang pangunahing estadistikang panukat. Ang kabuuang *coefficient* ng Cronbach's alpha ng instrumento ay 0.90, samantalang ang bawat subscale ay nagtala ng 0.91. Ang lahat ng nakuhang halaga ay lumampas sa inirekumendang cutoff na 0.70, na nagpapatunay ng mataas na antas ng *internal consistency*.

Isinaalang-alang ang mga komento at mungkahi ng mga *validator* sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kinakailangang termino at pag-aalis ng mga hindi angkop na salita upang mapabuti ang kalidad ng instrumento. Matapos ang rebisyon, ang kabuuang mean na iskor mula sa mga eksperto ay 4.31 sa 4.00—na nagpapahiwatig na ang instrumento ay lubos na angkop at malinaw para sa layunin ng pag-aaral.

*Paraan sa Pangangalap ng Datos*

Matapos maisagawa ang *pilot testing*, isinunod ang pagbuo ng mga rebisyon at pagsasapinal sa talatanungan, saka isinagawa ang aktuwal na pagkalap ng datos. Ang unang hakbang ay ang pagpapadala ng liham-pahintulot sa tanggapan ng alkalde at ng punong barangay upang humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sinundan ito ng pagtakda ng iskedyul ng pangangalap ng datos, kabilang ang tiyak na petsa, lugar, at oras ng pamamahagi ng sarbey. Bago isagawa ang sarbey, nagkaroon muna ng oryentasyon ang bawat kalahok upang ipaliwanag ang layunin at proseso ng pananaliksik. Sa pagsasagawa ng sarbey, personal na inilahad sa mga tagatugon ang nilalaman ng *informed consent*, lalo na sa mga menor de

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

edad na kalahok at sa mga magulang ng mga tagatugon. Matapos makuha ang kanilang pahintulot, ipinamahagi ang naka-*print* na talatanungan at mga *ballpen*. Ang pagsagot ay tumagal ng humigit-kumulang 10-20 minuto. Pagkatapos ng pangangalap ng datos, isinagawa ang sistematikong pagtatala at pagsusuri ng mga sagot upang matiyak ang kawastuhan ng mga nakuhang impormasyon para sa pananaliksik. Nagsagawa ng *coding* sa mga pagkakakilanlan ng mga tagatugon. Siniguro rin ang pagkakaroon ng backup na kopya sa *digital* at naka-*print* na anyo.

*Paraan sa Pagsusuri ng Datos*

Isinagawa ang isang sistematiko at *replicable* na proseso ng pagsusuri ng datos. Una, isinagawa ang *data sensing* at pag-oorganisa ng mga nakalap na impormasyon gamit ang *Microsoft Excel* upang mapadali ang pagproseso. Upang matiyak ang integridad at kumpidensyalidad ng datos, iniimbak ang mga ito sa parehong pisikal at *digital* na anyo. Ang mga *digital* na kopya ay inilagay sa isang *secure* na *hard drive*, samantalang ang mga pisikal na dokumento ay itinago sa isang naka-*lock* na kabinet (Creswell, 2018).

Bago ang pagsusuri, inihiwalay ang demograpikong datos mula sa mga tugon sa sarbey, at ang bawat case ay binigyan ng natatanging kodigo upang mapanatili ang *anonymity* at maiwasan ang *bias*. Ginamit ang deskriptibong estadistika upang suriin ang antas ng *intelligibility* ng bawat henerasyon sa wikang balbal. Sinukat din ang *mean* at *standard deviation* ng bawat pangkat gamit ang SPSS (Statistical Package for the Social Sciences) Free Trial Version. Ayon kay Pallant (2020), ang SPSS ay isang balido at maaasahang kagamitang pang-estadistika para sa ganitong uri ng pagsusuri.

Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kabuuang antas ng intelligibility sa pagitan ng apat na henerasyon, ginamit ang Kruskal-Wallis test. Ang *non-parametric* na *test* na ito ay angkop dahil hindi normal ang distribusyon ng nakalap na datos. Para sa post hoc pairwise comparison, isinagawa ang Mann-Whitney U test upang ihambing ang bawat pares ng henerasyon. Ang pamamaraang ito ay epektibo sa pagtukoy kung saang partikular na grupo nagmumula ang makabuluhang pagkakaiba. Ang deskripsiyon ng *data scoring* para sa antas ng *intelligibility* ng balbal ay ipinapakita sa Talahanayan 5.

| Equivalent Mean | Antas ng Intelligibility sa Balbal |
|---|---|
| 93-117 | Napakataas |
| 70-92 | Mataas |
| 47-69 | Katamtaman |
| 24-46 | Mababa |
| 0-23 | Napakababa |

*Talahanayan Blg. 5. Deskripsiyon ng data scoring*

*Konsiderasyong Etikal*

Bago isagawa ang pag-aaral, humingi ang mga mananaliksik ng nararapat na pahintulot. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang mga responsibilidad, at ang uri ng datos na kukunin. Dahil itinuturing na bahagi ng vulnerable group ang mga kalahok, masusing isinagawa ang proseso ng pagsang-ayon. Partikular, nagbigay ng informed assent ang mga kalahok mula sa henerasyong Alpha, at informed consent naman mula sa henerasyong Z, Millennials, at X. Kinakailangan ang kanilang nakasulat na pahintulot bago magsimula ang pag-aaral.

Ang pakikilahok ay boluntaryo at kusang-loob. May karapatan ang bawat kalahok na umatras o tumigil anumang oras nang walang anumang parusa, negatibong epekto sa reputasyon, o epekto sa kanilang trabaho. May karapatan din silang hindi sagutin ang anumang tanong na ayaw nilang sagutin. Upang masiguro ang seguridad ng impormasyon, ipinatupad ang mahigpit na proteksyon sa privacy at kumpidensyalidad ng datos ng mga kalahok, alinsunod sa Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173). Ang lahat ng ibinigay na impormasyon ay mananatiling kumpidensiyal at protektado gamit ang mga koda upang mapanatili ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Matapos matanggap ang pahintulot, nag-iskedyul ng sarbey at iba pang aktibidad para sa pangangalap ng datos. Kung sakaling magkaroon ng emosyonal, sikolohikal, o anumang uri ng panganib, agad itong tinutugunan sa tulong ng mga eksperto.

Walang insentibo o kompensasyong ibinigay sa mga kalahok, at walang pribadong ahensya ang nag-sponsor ng pag-aaral. Ito ay bahagi lamang ng akademikong kahingian. Upang sagutin ang anumang tanong, komento, o kahilingan sa paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan ang mga kalahok sa mananaliksik gamit ang ibinigay na impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang disenyo ng talatanungan ay maingat na isinagawa upang maiwasan ang mga sensitibong isyu, at ang pagsusuri ng datos ay isasagawa nang obhetibo at batay lamang sa mga estadistikal na resulta. Maaaring ilathala ang mga natuklasan mula sa pag-aaral sa mga journal o seminar, ngunit walang sensitibong impormasyon ang dapat isisiwalat.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

## Mga Resulta

*Antas ng Intelligibility sa Balbal ng bawat Henerasyon*

| Henerasyon | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Henerasyon Alpha | 40.8 | 23.2 | Mababa |
| Henerasyon Z | 91.3 | 27.7 | Mataas |
| Millennial | 87.9 | 25. 8 | Mataas |
| Henerasyon X | 22.9 | 26.9 | Napakababa |

*Talahanayan Blg. 6. Antas ng Intelligibility sa Balbal ng bawat Henerasyon*

Nilayon ng pag-aaral na mataya ang antas ng *intelligibility* ng balbal sa bawat henerasyon. Makikita sa Talahanayan 6 ang malaking agwat sa pag-unawa sa balbal sa pagitan ng mga henerasyon. Ang Henerasyon Z at Millennials ay may parehong mataas na antas ng *intelligibility*. Sa kabilang banda, ang Henerasyon Alpha ay may mababang antas ng intelligibility, at ang Henerasyon X ay may napakababang antas nito.

*Pagkakaiba sa Antas ng Intelligibility sa Balbal ng apat na Henerasyon*

Layunin ng pag-aaral na suriin ang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa apat na henerasyon. Batay sa Kruskal-Wallis test, nakuhang chi-square na halaga na 215.296; (df = 3) at $p < 0.001$ ay nagpapatunay na ang mga pagkakaibang naobserbahan sa Talahanayan 7 ay hindi nagkataon lamang. Ayon sa mga resulta, napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa pagitan ng mga Henerasyon Alpha, Z, Millennials, at X.

| Estadistika | Antas ng Intelligibility sa Balbal |
|---|---|
| Chi-Square | 215.296 |
| Df | 3 |
| Asymp. Sig./P-value | .001 |

*Talahanayan Blg. 7. Pagkakaiba sa Antas ng Intelligibility sa Balbal ng apat na Henerasyon*

*Pagkakaiba sa Antas ng Intelligibility sa Balbal sa pagitan ng bawat Henerasyon*

Upang matukoy kung saan tiyak na nagmumula ang mga pagkakaiba sa *intelligibility* ng balbal sa pagitan ng mga henersayon, isinagawa ang Pairwise Mann-Whitney U Test. Makikita sa Talahanayan 8 ang p-value na $p = .101$ sa pagitan ng mga Millennials at Henerasyon Z. Masasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa *intelligibility* sa balbal sa pagitan ng dalawang magkalapit at magkasunod na henerasyon.

| Henerasyon | Mann-Whitney U | Wilcoxon W | Asymp. Sig. (2-tailed) | Exact Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|
| Alpha at Millennials | 959.500 | 5615.500 | .001 | .001 |
| Alpha at X | 2523.000 | 7179.000 | .001 | .001 |
| Alpha at Z | 910.000 | 5566.000 | .001 | .001 |
| Millennials at X | 503.000 | 5159.000 | .001 | .001 |
| Millennials at Z | 3976.000 | 8632.000 | .100 | .101 |
| X at Z | 535.000 | 5191.000 | .001 | .001 |

*Talahanayan Blg. 8. Pagkakaiba sa Antas ng Intelligibility sa Balbal sa pagitan ng bawat Henerasyon*

Sa kabilang banda, ang iba pang pinaghambing na mga pares ng henerasyon ay nagpakita ng p. 001. Ito ay nagpapatunay na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng intelligibility ng balbal sa pagitan ng Henerasyon Alpha at Millennial; Alpha at Henerasyon X; Alpha at Henerasyon Z; Millennials at Henerasyon X; at Henerasyon X at Henerasyon Z.

## Diskusyon

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *intelligibility* ng balbal ay higit na nakaugat sa antas ng digital exposure at sosyo-kultural na karanasan kaysa sa edad lamang. Ang mataas na *intelligibility* ng Henerasyon Z at mga Millennial ay maaaring iugnay sa kanilang sabayang pag-iral sa isang digital na kapaligiran kung saan ang balbal ay mabilis na nalilikha at naipapalaganap sa pamamagitan ng *social media* (Tirendi & Gargiulo, 2024). Sa ganitong konteksto, ang balbal ay

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

nagiging bahagi ng kanilang araw-araw na komunikasyon at identidad, na sumusuporta sa pananaw na ang wika ay isang sosyal na praktis na hinuhubog ng interaksyon at karanasan (Hymes, 2013; Reyes, 2024). Ipinakita rin nina Vacalares et al. (2023) na ang magkabilang henerasyong ito ay may mataas na antas ng paggamit at pagkaunawa sa *internet slang*, na nagpapatibay sa empirikal na batayan ng kasalukuyang resulta.

Sa kabilang banda, ang mababang *intelligibility* ng Henerasyon X ay maaaring ipaliwanag sa kanilang limitadong pakikisalamuha sa *digital* na espasyo at mas konserbatibong oryentasyon sa wika (Rajik, 2024; Bongco & Ama, 2023). Gayunpaman, ang mababang antas din sa Henerasyon Alpha ay nagpapahiwatig na ang pagiging *digital native* ay hindi awtomatikong nagreresulta sa mataas na *intelligibility*. Sa halip, maaaring may impluwensya ang yugto ng kognitibong pag-unlad at ang hindi pantay na akses sa teknolohiya, lalo na sa konteksto ng mga lugar na nasa kapuluan ng bansa at sa kanilang kakayahang umunawa sa balbal ng mas nakatatandang henerasyon. Ipinapakita nito na ang pagkalublob ay kailangang sinasamahan ng sapat na lingguwistikong kompetensiya upang maging epektibo sa pag-unawa sa makabagong wika, isang ideyang sinusuportahan ng mga pag-aaral sa mutwal na *intelligibility* sa pagitan ng magkakaugnay na wika sa Pilipinas.

Ang pagkakatulad ng *intelligibility* sa pagitan ng Millennials at Henerasyon Z ay nagpapakita ng isang tuloy-tuloy na lingguwistikong praktis sa pagitan ng magkalapit na henerasyon, na maaaring bunga ng kanilang magkakatulad na pag-aangkop sa digital na kultura (Vacalares et al., 2023; Henson et al., 2025). Ang balbal ay dinamikong sumusunod sa daloy ng teknolohiya, at ang mga henerasyong sabay na nakaranas ng pag-usbong ng social media ay may posibilidad na magkaroon ng magkatulad na lingguwistikong *repertoire*. Sa kabaligtaran, ang malinaw na agwat sa pagitan ng Henerasyon X at mga mas batang henerasyon ay nagpapahiwatig ng isang *digital divide*, kung saan ang pagkakaiba sa akses at paggamit ng teknolohiya ay nagreresulta sa hindi pantay na pag-unawa sa balbal (Osborne, 2021). Ang ganitong padron ay umaayon sa mga pananaw sa sosyolingguwistika na ang pagbabago ng wika ay hindi lamang *linear* kundi nakabatay sa mga sosyal na *network* at antas ng partisipasyon sa mga ito na maituturing na isang penomenong dokumentado sa konteksto ng Philippine English at rehiyonal na barayti (Gustilo et al., 2025; Rentillo et al., 2024).

Sa kabuuan, ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang *intelligibility* ng balbal ay isang produkto ng interaksyon ng teknolohiya, karanasan, at *intergenerational* na ugnayan. Pinagtitibay nito ang Communication Accommodation Theory na ang mga tagapagsalita ay inaangkop ang kanilang wika batay sa konteksto at kausap (Giles, 1973; Gonzales, 2022), kung saan ang balbal ay maaaring magsilbing mekanismo ng *convergence o divergence*. Kapag nagkakaintindihan ang dalawang henerasyon sa pamamagitan ng balbal, nagsasagawa sila ng *convergence* upang mapadali ang komunikasyon; kapag hindi, maaaring magkaroon ng *divergence* na nagpapalalim ng agwat. Samakatuwid, ang balbal ay hindi lamang lingguwistikong baryasyon kundi isang sosyo-kultural na instrumento at puwersa ng pagbabago ng lipunan (Reyes, 2024) na maaaring magpahina o magpalakas ng ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Sa kontekstong Pilipino, kung saan maraming lalawigan at pulo ang may natatanging lokal na balbal (Pilar, 2024; Ciruela et al., 2024), ang mga resulta ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga interbensyong pangkomunikasyon na sensitibo sa henerasyon at lugar.

## Kongklusyon at Implikasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng *intelligibility* ng balbal sa bawat henerasyon, kung saan mas mataas ito sa Henerasyon Z at Millennials at mas mababa sa Henerasyon Alpha at Henerasyon X. Ipinapahiwatig nito na ang pag-unawa sa balbal ay higit na nakaugnay sa antas ng *digital exposure*, edukasyon, at sosyo-kultural na karanasan kaysa sa edad lamang. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng mga natuklasan ang pangangailangang isaalang-alang ang ebolusyon ng impormal na wika at ang integrasyon ng mga digital na plataporma sa pagtuturo upang mapaunlad ang mas ingklusibo at kontekstuwalisadong pagkatuto ng wika sa iba't ibang henerasyon.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay may mahalagang sosyolingguwistikong implikasyon, dahil ipinapakita nito na ang *intelligibility* ng balbal ay produkto ng interaksyon ng *digital exposure*, henerasyon, at kontekstong panlipunan. Sa antas ng lipunan, ipinahihiwatig nito ang patuloy na pag-usbong ng isang *linguistic divide* na maaaring makaapekto sa intergenerational na komunikasyon. Sa pedagohikal na antas, kinakailangang isaalang-alang ng mga guro ang ebolusyon ng balbal at ang papel ng digital na midya sa pagkatuto ng wika upang makabuo ng mas ingklusibo at kontekstuwalisadong pagtuturo. Sa linguistikong perspektiba, pinagtitibay nito na ang balbal ay dinamiko at patuloy na nagbabago batay sa diskurso, identidad, at teknolohikal na kapaligiran.

Makabuluhan ang pagsasagawa ng mas malawak at interkultural na pagsusuri sa *intelligibility* ng balbal sa mas global na konteksto. Makabubuting gumamit ng kwalitatibong disenyo tulad ng discourse analysis, panayam, at *focus group discussion* upang mas malalim na maunawaan ang aktuwal na paggamit at konteksto ng balbal sa pang-araw-araw na komunikasyon. Mainam ding dagdagan ang mga baryabol tulad ng propesyon, relihiyon, at antas ng paggamit ng teknolohiya upang makabuo ng mas komprehensibong pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa *intelligibility*. Dagdag pa rito, mahalagang

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

masuri ang papel ng iba't ibang midya at kulturang popular sa paghubog ng balbal at subaybayan ang ebolusyon ng mga neolohismo upang mas maunawaan ang patuloy na pagbabago ng wika sa kontemporaryong lipunan.

## Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ng mga mananaliksik sa mga kalahok mula sa apat na henerasyon (Alpha, Z, Millennials, at X) na naglaan ng kanilang oras at nakiisa sa pag-aaral. Pinahahalagahan din ang suportang ibinigay ng Biliran Province State University at ng bayan ng Naval sa pagpapadali ng pagkalap ng datos. Hindi magiging posible ang pananaliksik na ito kung wala ang kanilang kooperasyon at tiwala.

## Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang ipinahahayag na salungatan ng interes ang mga may-akda kaugnay ng paglalathala ng pananaliksik na ito. Ang pag-aaral ay isinagawa nang malaya, walang pinansiyal o personal na ugnayan na maaaring makaapekto sa mga resulta o interpretasyon nito.

## Deklarasyon sa Paggamit ng Artificial Intelligence

Kinikilala ng mga may-akda na ginamit ang artificial intelligence (AI) bilang kasangkapang pantulong sa pagbuo ng manuskritong ito. Partikular, ginamit ang ChatGPT, Grammarly, at Deepseek para sa pagpino ng gramatika, muling pagsasaayos ng mga pangungusap upang maging mas malinaw, at pagtiyak sa pagkakaayos ng mga sanggunian ayon sa istilong APA. Ang lahat ng nilalamang siyentipiko, interpretasyon ng datos, at konklusyon ay likha at pananagutan ng mga may-akda. Hindi ginamit ang AI upang makabuo ng datos o gayahin ang orihinal na gawa.

## Mga Sanggunian

Afable, C. B., Austria, H. N. M., & Evidente, J. D. (2021). Lexical Features of When in Manila Blogs: IPE Word-Formation Processes and their Acceptability to ESL Teachers. Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature, 3(1), 50–67. https://doi.org/10.56498/31202149

Bongco, R., & Ama, K. A. (2023). Intergenerational Communication among Faculty and Students in Higher Education. The Normal Lights, 17(1). https://doi.org/10.56278/tnl.v17i1.1922

Ciruela, D. M. A., Laurena, A. E., Pedrosa, C. K. E., & Reambonanza, A. P. (2024). Dayalektolohiyang pagdalumat ng wikang surigaonon-clavernon sa Munisipalidad ng Claver, Surigao del Norte: isang preliminaryong pagsusuri. Knowledge Commons (Lakehead University). https://doi.org/10.17613/ggdk-pa44

Creswell, J. W. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (5th ed.). SAGE Publications.

Doloricon, J., & Langga, P. M. (2022). Intelligibility of select world Englishes and the factors affecting it: the case of high school ESL learners. International Journal of Linguistics Literature & Translation, 5(8), 69–79. https://doi.org/10.32996/ijllt.2022.5.8.8

Giles, H. (1973). Accent Mobility: A Model and Some Data. Anthropological Linguistics, 15(2), 87–105. http://www.jstor.org/stable/30029508

Gonzales, W. D. W. (2022). "Truly a Language of our Own" A Corpus-Based, Experimental, and variationist account of Lannang-ue in Manila. Deep Blue (University of Michigan). https://doi.org/10.7302/4693

Gustilo, L., Dumanig, F., & Jubilado, R. (2025). General Attitudes, Intelligibility, and Acceptability: How Philippine English is perceived by Filipino-Americans. Languages, 10(6), 124. https://doi.org/10.3390/languages10060124

Henson, A. N. S., Manzano, M. J. A., & Salipande, A. L. (2025). Language Innovations in Digital Literature: Neologisms in Filipino Alternative Universe Fanfiction. 3L the Southeast Asian Journal of English Language Studies, 31(3), 278–297. https://doi.org/10.17576/3l-2025-3103-17

Hymes, D. (2013). Foundations in sociolinguistics. https://doi.org/10.4324/9781315888835

Monderin, C., & Go , M. B. . (2021). Emerging Netspeak Word Choices in Social Media on Filipino Pop Culture. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 4(6), 49-61. https://doi.org/10.32996/ijllt.2021.4.6.7

Noval, A. T. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 1-12. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069

Osborne, D. (2021). The making of "deep language" in the Philippines. Language Culture and Society, 3(1), 58–81. https://doi.org/10.1075/lcs.20008.osb

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Pilar, J. G. A. (2024). Exploring Kawayan Dialect Lexicon (Wordlist) in Southern Negros, Philippines. JPI (Jurnal Pendidikan Indonesia), 13(1), 159–172. https://doi.org/10.23887/jpiundiksha.v13i1.70215

Rajik, J. A. (2024). Lexical attrition across generations in a minority language. 2018 International Conference on Multidisciplinary Research, 2024, 189–204. https://doi.org/10.26803/myres.2024.14

Ranganathan, P., & Caduff, C. (2023). Designing and validating a research questionnaire - Part 1. Perspectives in Clinical Research, 14(3), 152–155. https://doi.org/10.4103/picr.picr_140_23

Rentillo, P., Casalan, M., & Gustilo, L. (2024). Regional variability and Domain-Specific acceptance of Philippine English expressions among younger Filipinos. Languages, 9(12), 376. https://doi.org/10.3390/languages9120376

Reyes, M. (2024). Translating Filipino slangs: Localization of neologisms. Scientia-The International Journal on the Liberal Arts, 13(2), 44-53. DOI: 10.57106/scientia. v13i2.188

Tirendi, D., & Gargiulo, L. (2024). Measuring the Impacts of social media on Daily Life from Millennials to Generation Alpha. International Journal of Research in Humanities and Social Studies, 11(3), 26-33. https://doi.org/10.62557/2394-6296.110304

Vacalares, S. T., Salas, A. F. R., Babac, B. J. S., Cagalawan, A. L., & Calimpong, C. D. (2023). The intelligibility of internet slangs between millennials and Gen Zers: A comparative study. International Journal of Science and Research Archive, 9(1), 400–409. https://doi.org/10.30574/ijsra.2023.9.1.0456

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*